

FACT SHEET

Daanan para lamang sa bus sa Rainier Ave S

Hunyo 2022

PAGLALARAWAN SA PROYEKTO

Magdadagdag ang SDOT ng daanang pang-bus lamang sa Rainier Ave S upang makatulong na mapabuti ang pagiging maaasahan ng pagbibiyahe at mga oras ng paglalakbay. Ang gawaing ito ay mangyayari sa dalawang yugto. Ang Yugto 1 ng proyektong ito ay kinabibilangan ng:


- Pagdadagdag ng patungong hilaga na daanang pang-bus lamang sa pagitan ng **S Alaska St at S Walden St**
- Pagdadagdag ng patungong timog na daanang pang-bus lamang sa pagitan ng **S Oregon St at S Edmunds St**
- Ang daanan sa tabi ng bangketa na para pangbiyahe ay gagawing mga bagong daanang pang-bus lamang

Yugto 1 ay gagawin sa Hulyo 2022. Ang Yugto 2 ng proyekto ay magpapahaba sa patungong hilagang daanang pang-bus lamang mula sa S Walden St hanggang sa Massachusetts St. Ang Yugto 2 ay nasa maagang mga yugto, at plano namin simulan ang pakikipag-ugnayan sa komunidad sa huling bahagi ng 2022 upang mangalap ng mga puna para ipaalam ang proyekto.

TIPIKAL NA DISENYO NG KALYE SA LUGAR NG PROYEKTO NG YUGTO 1 (NAKATINGIN SA HILAGA):



ANG DISENYO NG KALYE SA HINAHARAP NA MAY DAANANG PANG-BUS LAMANG SA LUGAR NG PROYEKTO NG YUGTO 1 (NAKATINGIN SA HILAGA):



ISKEDYUL

TAGSIBOL 2022

Kumpletuhin ang disenyo at simulan ang pakikipag-ugnayan para sa Yugto 1.

TAG-INIT 2022

Ang Konstruksyon ng Yugto 1 at pagsimula ng pakikipag-ugnayan sa Yugto 2.

2023-2024

Pantapos na disenyo at pagpapatupad ng Yugto 2.

Makipag-ugnayan sa Proyekto:

Candace Goodrich, Ang Pinuno sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
Telepono: (206) 257-2201 | Email: TransitLanes@seattle.gov Website:
www.seattle.gov/transportation/rainier-ave-s-bus-only-lane



Seattle
Department of
Transportation

MGA BENEPISYO NG PROYEKTO

- Pagbutihin ang pagiging maaasahan na transit sa Rainier Ave S, kabilang ang mga madalas na rutang mataas ang sakay gaya ng Ruta 7, 48, at 106
- Tulungan ang mga taong sumasakay sa bus na makarating sa kanilang paroroonan sa takdang oras at makaranas ng mas pare-parehong oras ng paglalakbay
- Pahintulutan ang transit na patuloy na maging lifeline at mas mabuting makapaglingkod sa komunidad ng Rainier Valley habang sama-sama tayong bumabawi at muling nagbubuo mula sa pandemya
- Madaling ikonekta ang mga taong nasa bus sa bagong Istasyon ng Light Rail sa Judkins Park na magbubukas sa 2023, kabilang dito ang kasalukuyang mga transit hub gaya ng Istasyon ng Light Rail sa Mt Baker at ang Istasyon ng Metro Transit sa McClellan St

MGA KAUGNAY NA PROYEKTO

Ang mga daanang pang-bus lamang ay isang paraan upang gawing mas kumpleto ang kalyeng Rainier Ave S sa pamamagitan ng pagbubuo sa mga pagbubuti sa kaligtasan at kakayahang gumalaw bilang bahagi ng **proyekto ng Rainier Ave S Vision Zero** at **proyekto ng Route 7 Transit-Plus Multi Modal Corridor (TPMC)**.



Halimbawa ng pulang daanan na pang-bus lamang.



PAGPOPONDO

Naging posible ang proyektong ito salamat sa mga botante ng Seattle sa pagpapasa ng **Seattle Transit Measure (Proposisyon 1)** nung Nobyembre 2020, na sumagawa ng pagmumulan ng kita para sa mas madalas, maaasahan, at naa-access na serbisyo ng bus sa ating lungsod.

May mga tanong pa?
Interesadong makatanggap ng mga panibagong mga balita sa proyekto?

Candace Goodrich, Ang Pinuno sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
 Telepono: (206) 257-2201 | Email: TransitLanes@seattle.gov
 Website: www.seattle.gov/transportation/rainier-ave-s-bus-only-lane



Seattle
 Department of
 Transportation

